Hindi nandidiskrimina ang Departamento ng Kalusugan ng Hawaiʻi (Hawaiʻi Department of Health, HDOH) batay sa lahi, kulay, kasarian, bansang pinagmulan, edad, o kapansanan, o anupamang uri na pinoprotektahan sa ilalim ng naaangkop na pederal na batas o batas ng estado, sa pangangasiwa ng mga programa o aktibidad nito, at hindi nananakot o naghihiganti ang HDOH sa sinumang indibidwal o grupo nang dahil sa paggamit nila ng kanilang mga karapatang makipagtulungan sa mga pagkilos nang may proteksyon, o hindi ito tumututol sa pagkilos na ipinagbabawal, ayon sa Bahagi 5 at 7 ng 40 C.F.R., o para sa layuning hadlangan ang mga naturang karapatan.

Ang Coordinator sa Hindi Pandidiskrimina ng HDOH ang responsable para sa mga pagsisikap sa pakikipag-ugnayan o pagsunod at pagtanggap ng mga tanong tungkol sa mga kinakailangan sa hindi pandidiskrimina na ipinapatupad ng Bahagi 5 at 7 ng 40 C.F.R. (Hindi Pandidiskrimina sa Mga Programa o Aktibidad na Nakakatanggap ng Pederal na Tulong mula sa Ahensya sa Pagprotekta sa Kapaligiran o Environmental Protection Agency), kabilang ang Title VI ng Civil Rights Act ng 1964, alinsunod sa inamyendahan; Seksyon 504 ng Rehabilitation Act ng 1973; ang Age Discrimination Act ng 1975; Title IX ng Education Amendments ng 1972; at Seksyon 13 ng Federal Water Pollution Control Act Amendments ng 1972 (sama-samang tutukuyin mula rito bilang mga pederal na batas sa hindi pandidiskrimina).

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa abisong ito o sa alinman sa mga programa, patakaran, o pamamaraan sa hindi pandidiskrimina ng HDOH, maaari kang makipag-ugnayan kay:

Valerie Kato
Kumikilos na Coordinator sa Hindi Pandidiskrimina
(Acting Non-Discrimination Coordinator)
Hawaiʻi Department of Health
1250 Punchbowl Street, HI 96813,
(808) 586-4400
doh.nondiscrimination@doh.hawaii.gov

Kung naniniwala kang nakaranas ka ng diskriminasyon sa isang programa o aktibidad ng HDOH na nakakatanggap ng pederal na tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa Coordinator sa Hindi Pandidiskrimina na tinukoy sa itaas o bisitahin ang aming website sa http://health.hawaii.gov upang malaman kung paano at saan maghahain ng reklamo sa pandidiskrimina.

Ang HDOH ay hindi nananakot, nagbabanta, namimilit, o nandidiskrimina laban sa sinumang indibidwal o grupo para sa layuning hadlangan ang anumang karapatan o pribilehiyo na ginagarantiya sa ilalim ng mga pederal na batas laban sa diskriminasyon, o dahil naghain ang isang indibidwal ng reklamo o tumestigo, tumulong, o nakipagtulungan siya sa anumang paraan sa pagsisiyasat, paglilitis, o

pagdinig kaugnay ng mga pederal na batas laban sa diskriminasyon, o tumutol siya sa anumang gawi na lumalabag sa mga pederal na batas laban sa diskriminasyon.

Upang humiling ng wika o accessibility para sa mga programa o pampublikong pagpupulong ng HDOH, mangyaring makipag-ugnayan sa Coordinator sa Hindi Pandidiskrimina ng HDOH sa (808) 586-4400 o mag-email sa: doh.nondiscrimination@doh.hawaii.gov. Mangyaring bigyan ng sapat na oras ang HDOH para makatugon sa mga kahilingan para sa tulong.

Para sa mga reklamo kaugnay ng pagtatrabaho sa ilalim ng HDOH, makipag-ugnayan sa: Opisina ng Human Resources ng HDOH (HDOH Human Resources Office) sa (808) 586-4520 o mag-email sa: doh.hroeeo-ra@doh.hawaii.gov.

Upang humiling ng pagsasalin ng wika para sa dokumentong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa: Coordinator sa Hindi Pandidiskrimina ng HDOH, na matatagpuan sa 1250 Punchbowl Street, Honolulu, HI 96813 (Telepono: (808) 586-4400 o mag-email sa: doh.nondiscrimination@doh.hawaii.gov). Maaaring humiling ang mga indibidwal ng mga serbisyo ng pasalitang pagsasalin upang humiling ng nakasulat na pagsasalin ng dokumentong ito.